

Samut-samot Resources Terms of Use

When downloading files from samutsamot.com, it is understood that you have agreed to abide by the Terms of Use indicated below and on the website.

Copyrights

- Users are not granted copyrights. Unless otherwise stated, the text in the resource remains the intellectual property of the owner of this website.
- Where applicable, the clip art images and fonts used in the resource remain the intellectual property of the artists indicated in the blog post or Credits page of the resource.
- If there is no Credit page in the resource, it is understood that the owner of this website owns the copyright to the text and images in it.
- Some images in a resource may be public domain. In such cases, no attribution is required and commercial use by Samut-samot is allowed.
- Users may not edit any of the pages of the resource by adding logos, trademarks, business/school/institution names, website addresses, or any other marking.

Non-commercial Use

- Users may not resell the resource, copy or alter it, and claim it as their own, or use it to create derivative works which would infringe on intellectual copyrights.
- Users of the resource are permitted to print (unless stated otherwise) and photocopy its pages for personal use, home use, multi-classroom use, or use in educational environments with the condition that the website address (samutsamot.com) and/or copyright mark and name are not cropped, covered, removed, or modified.
- Users of the resource may not sell it, its printed pages or pages reproduced from photocopying or other processes for profit or for any commercial use.
COMMERCIAL USE IS PROHIBITED.
- Users of the resource may not distribute printed pages or pages reproduced from photocopying as part of modules or workbooks that will be sold or distributed for free and brought outside the classroom, tutorial center, or teaching area. However, students/tutees and their parents may take home completed (answered) resource pages. **MASS DISTRIBUTION IS PROHIBITED.**

Sharing

- Users of the resource are granted a single and nontransferable license to use it. They are prohibited from giving it or a digital copy of it to someone else for free, for sale, or for any commercial purpose. This prohibition includes, but is not limited to, electronic file transfers such as email attachments or sharing through a website, cloud, or network. Please provide a link to the website post instead.

Samut-samot Resources Terms of Use

- Users of the resource are prohibited from uploading it or any part of it onto any other website such as, but not limited to, Scribd, SlideShare, or any cloud storage or file sharing sites such as, but not limited to, Google Drive, Dropbox, OneDrive, Mega, or pCloud where third parties can download the product. The artists given credit in the blog posts or Credits page own the copyrights to the clip art images and/or fonts in the resource. Uploading the resource or any part of it in another website is also an infringement of their copyrights.
- Users of the resource are prohibited from sharing it with others, such as other teachers or parents. However, sharing with a spouse is allowed. Please provide a link to the website post instead.
- Users of the resource may provide a direct link to the blog <https://samutsamot.com/> if they are reviewing the resource or recommending it through social media websites.

Storing

- Users of the resource may copy and store this product in another device that is theirs for personal and private use. A third party must not be able to access the resource.
- For paid resources, Samut-samot and the author or authors cannot be held responsible for the loss, accidental deletion, or damage of the product after its initial receipt through email.

Questions regarding the allowable use of the resources from this website should be emailed to samutsamot.mom@gmail.com.

Unauthorized use of the resource may give rise to a claim for damages and/or be a criminal offense.

“Ang Tatlong Pagsubok” Credits

- This story was adapted from the story “The Queen Bee” by the Grimm Brothers.
- The adaptation and translation into Filipino was made by Pia Noche.
- The questions at the end of the story are written by Pia Noche.
- Font used: Abhaya Libre and The Crow Shadow
- Clip art images: <https://openclipart.org>
- Pages are designed to be printed on letter-sized paper (8.5” x 11”).



ANG TATLONG PAGSUBOK

Hango sa kuwentong "The Queen Bee" ng Grimm Brothers

Isinulat ni Pia Noche

Sa isang kaharian, may hari na may tatlong anak. Ang tatlong prinsipe ay sina Nestor, Arturo, at ang bunso na si Cedric. Sa matinding kagustuhan na makipagsapalaran sa mundo, nilisan nina Nestor at Arturo ang kaharian. Hinabol sila ni Cedric subalit kinutya lamang siya ng dalawa.

"Ikaw? Sasama sa amin? Sa tingin mo kaya mong magsarili? Kulang pa ang iyong karanasan at talino!" sabi ng panganay na si Nestor.

"Paano ka mabubuhay kung mangmang ka? Wala kang mapapala sa mundo sa pagkasimple mo!" dagdag pa ni Arturo.

Bagaman siya ay inalipusta, sinundan pa rin ni Cedric ang mga kuya niya at sabay silang naglakbay sa kagubatan hanggang may nakita silang punso kung saan nakatira ang napakaraming langgam. Gustong gibain nina Nestor at Arturo ang punso upang kumalat ang mga langgam sa takot, ngunit hinarangan at pinigilan sila ni Cedric.

"Huwag! Hindi ako papayag na gambalain ninyo ang mga langgam. Wala naman silang ginagawa sa inyo," sabi ni Cedric.

"Aba! Tagapagtanggol ka na pala ng mga langgam. Hindi bale, ayaw ko naman makagat ng mga langgam," sabi ni Nestor.

Mayamaya pa ay nakarating ang tatlong prinsipe sa isang lawa kung saan may isang pangkat ng mga pato na lumalangoy. Gustong humuli ng dalawang pato sina Nestor at Arturo para sa kanilang pananghalian, ngunit pinigilan na naman sila ni Cedric.

"Huwag! Pabayaang ninyo ang mga pato. May binaon akong inihaw na manok. Ito na lang ang kainin ninyo," alok ni Cedric.

"Aba! Tagabantay ka na pala ng mga pato. Hindi bale, mas gusto ko naman kumain ng manok kaysa pato. Amin na iyang baon mo!" sabi ni Arturo at inigaw niya ang baon ni Cedric.



Sa dapit-hapon, may napansin silang bahay ng mga pukyutan sa itaas ng puno. Gusto gumawa ng siga sina Nestor at Arturo sa ilalim ng puno upang mapuksa ang mga pukyutan. Nais nilang makuha ang matamis na pulut-pukyutan ng mga ito, subalit sa pangatlong pagkakataon, pinigilan sila ni Cedric.

“Huwag! Hayaan ninyo ang mga pukyutan. May pinitas akong mga bayabas. Ito na lang ang meryenda ninyo,” alok ni Cedric.

“Aba, Cedric! Sinong naghirang sa iyo bilang guwardiya ng kagubatan? Hindi bale, mas gusto ko naman ang prutas kaysa pulut-pukyutan. Amin na iyang mga bayabas mo!” sagot ni Nestor at inagaw niya ang mga bayabas kay Cedric.

Kinabukasan, nakarating ang tatlong prinsipe sa isang kaharian. Napansin nila na lahat ng tao at hayop ay mahimbing na natutulog, at hindi sila gumigising. Ang hinuha ng mga prinsipe ay sinumpa ang kaharian. Habang sila ay nasa loob ng palasyo ng kaharian, nakita sila ng isang batang alipin.

“Anong nangyari dito? Alam mo ba, bata?” tanong ni Nestor.

Sinabi ng bata na inutusan siya ng hari na pumunta sa ibang kaharian at sa kanyang pagbalik ay nadatnan niya ang malungkot na sinapit ng buong kaharian. Sa gitna ng palasyo, natuklasan niya ang isang tableta na gawa sa bato kung saan nakaukit ang sumpa ng isang engkantada.

Ikinuwento ng bata na nagalit ang engkantada ng kagubatan sa mga tao dahil sa kanilang pagputol ng napakaraming puno. Maraming hayop at kulisap daw ang nawalan ng tirahan dahil ginawang sakahan ang mga bahagi ng kagubatan. Bilang ganti, sinumpa ng engkantada ang buong kaharian at pinatulog niya ang lahat, pati na ang hari at ang kanyang tatlong prinsesa. Mawawala lang daw ang sumpa kung may isang tao na makagagawa ng tatlong pagsubok na nakasulat sa tableta. Binasa ng tatlong prinsipe ang tableta.

Ang unang pagsubok ay ang pagtipon ng tatlong daan na perlas ng mga prinsesa. Kinalat at ipinatago ng engkantada ang mga perlas sa ilalim ng mga lumot sa kagubatan. Kailangan ay maipon ang tatlong daang perlas bago lumubog ang araw at kung hindi, ang tao na nagtangkang gawin ito ay mapapasailalim din sa sumpa.






Sinubukan ni Nestor gawin ang unang pagsubok, subalit isang daang perlas lang ang nahanap niya. Sa paglubog ng araw, nakatulog din ang panganay na prinsipe. Kinabukasan ay sinubukan ni Arturo na hanapin ang mga natitirang perlas, subalit isang daang perlas lang ang natagpuan niya. Kaya sa pagsapit ng dilim, mahimbing na nakatulog din ang prinsipe.

Sa wakas, si Cedric na lang ang huling pag-asa. Buong sipag na hinanap ni Cedric ang mga natitirang perlas sa ilalim ng lumot. Pagsapit ng tanghali, pagod na pagod na siya, ngunit ilang perlas pa lang ang nahahanap niya. Sa kanyang kalungkutan ay umupo siya sa isang bato at napaluha na lamang. Habang siya ay lumuluha, dumating ang reyna ng mga langgam na ipinagtanggol ni Cedric. Kasama ng reyna ang kanyang libo-libong langgam at tinulungan nila si Cedric sa paghanap ng mga perlas. Isang oras bago lumubog ang araw, iniayos ni Cedric ang tatlong daang perlas sa isang tumpok. Sa tulong ng mga langgam, nalampasan ni Cedric ang unang pagsubok.

Ayon sa tableta, ang pangalawang pagsubok ay ang pagkuha ng susi para sa silid-tulugan ng tatlong prinsesa. Ang susi ay itinaon ng engkantada sa pinakamalalim na bahagi ng lawa. Pagdating ni Cedric sa lawa, lumapit sa kanya ang mga pato na ipinagtanggol niya. Ikinuwento ni Cedric ang tungkol sa sumpa at ang susi sa ilalim ng lawa. Lumangoy ang mga pato sa pinakamalalim na bahagi ng lawa at sumisid silang lahat. Nahanap nila ang susi at ibinigay nila ito kay Cedric. Sa tulong ng mga pato, nalampasan ni Cedric ang pangalawang pagsubok.

Ang huling pagsubok ay ang pagtukoy sa pinakabata at pinakamamahal na prinsesa sa tatlo. Ginamit ni Cedric ang susi upang buksan ang silid-tulugan ng tatlong prinsesa. Natuklasan niya ang tatlong prinsesa na natutulog sa kani-kanilang kama. Subalit, laking gulat niya nang mapansin na ang mga prinsesa ay magkakamukha at magkasingganda.





Nakasulat sa tableta na nagkakaiba lang ang mga prinsesa sa huling kinain nila bago sila napatulog ng sumpa. Ang panganay na prinsesa ay kumain ng isang kutsara ng asukal. Ang pangalawang prinsesa ay kumain ng isang kutsara ng arnibal. Ang pinakabatang prinsesa ay kumain ng isang kutsara ng pulut-pukyutan.

Bago pa man makaisip si Cedric kung ano ang kanyang gagawin, lumipad sa loob ng silid ang reyna ng mga pukyutan na ipinagtanggol ni Cedric. Tila alam ng reyna ng mga pukyutan kung ano ang gagawin at dumapo siya sa mga labi ng tatlong prinsesa. Nanatili ang reyna ng mga pukyutan sa labi ng pinakabatang prinsesa na kumain ng pulut-pukyutan at sa ganitong paraan nakilala ni Cedric ang pinakabatang prinsesa. Sa tulong ng reyna ng mga pukyutan, nalampasan ni Cedric ang huling pagsubok.

Dahil nagawa na ang tatlong pagsubok, unti-unting nawala ang sumpa sa kaharian at nagsimulang magkamalay ang mga tao at hayop. Bumalik sila sa kanilang dating gawain na tila walang nangyari. Naginhawaan si Cedric dahil nagkamalay rin ang kanyang mga kuya.

Isinalaysay ni Cedric sa lahat kung paano siya tinulungan ng mga hayop sa paggawa ng tatlong pagsubok ng engkantada. Pinagsisihan nina Nestor at Arturo ang kanilang masamang pagtrato kay Cedric at sa mga hayop. Nangako sila na babaguhin na nila ang kanilang asal.

Nanatili nang matagal sa kaharian ang tatlong prinsipe at tumulong sila sa pagbabago ng mga gawain sa kagubatan upang hindi muling magalit ang engkantada.

Hindi nagtagal ay ikinasal si Cedric at ang pinakabatang prinsesa. Naging magkasintahan din ang dalawang prinsipe at dalawang prinsesa. Sa pagkamatay ng ama ng mga prinsesa, si Cedric ang hinirang na bagong hari. Naghari siya na may kabutihan at pagmamalasakit para sa lahat ng nilalang sa kagubatan.

WAKAS





Mga Tanong Tungkol sa Kuwento

Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga pangungusap ang tama?
 - a. Masayang isinama nina Nestor at Arturo ang kapatid nila na si Cedric.
 - b. Mababa ang tingin nina Nestor at Arturo sa kanilang kapatid na si Cedric.
 - c. Nagtampo si Cedric dahil sa pag-aalipusta ng kanyang mga kuya.
2. Anong hayop ang unang nakita ng tatlong prinsipe sa kanilang paglalakbay?
 - a. mga pukyutan sa puno
 - b. mga pato sa lawa
 - c. mga langgam sa punso
3. Ano ang inialok ni Cedric kina Nestor at Arturo upang hindi nila kainin ang mga pato?
 - a. Inialok niya ang baon niya na inihaw na manok.
 - b. Inialok niya ang baon niya na pulut-pukyutan.
 - c. Inialok niya ang mga bayabas na pinitas niya.
4. Anong kakaibang kalagayan ang napansin ng tatlong prinsipe tungkol sa kaharian na napuntahan nila?
 - a. Walang mga tao sa mga bahay at sa palasyo, maliban sa isang batang alipin.
 - b. Ang lahat ng tao at hayop sa kaharian ay natutulog at hindi gumigising.
 - c. Ang buong kaharian ay natabunan ng putik mula sa sumabog na bulkan.
5. Ayon sa batang alipin, ano ang dahilan ng kalagayan ng kaharian?
 - a. Sinumpa ng isang engkantada ang kaharian dahil sa paninira ng kagubatan.
 - b. Sinumpa ng hari ang kaharian dahil sa kasamaan at katakawan ng mga tao.
 - c. Nakainom ng lason na pampatulog ang lahat ng tao at hayop sa kaharian.



Mga Tanong Tungkol sa Kuwento

Bilugan ang titik ng tamang sagot.

6. Alin ang unang pagsubok na dapat magawa upang mawala ang sumpa?
 - a. Hanapin ang tatlong daan na perlas sa pinakamalalim na bahagi ng lawa.
 - b. Hanapin ang tatlong daan na perlas at gumawa ng tatlong kuwintas.
 - c. Hanapin ang tatlong daan na perlas sa ilalim ng lumot ng kagubatan.
7. Sino ang tumulong kay Cedric sa paggawa ng pangalawang pagsubok?
 - a. ang mga pato sa lawa
 - b. ang reyna ng mga pukyutan
 - c. ang libo-libong langgam
8. Bakit hindi madaling makilala ang pinakabatang prinsesa sa tatlong prinsesa?
 - a. Humihilik silang lahat.
 - b. Magkakamukha silang lahat.
 - c. Pare-pareho ang kanilang mga suot.
9. Paano nakilala ni Cedric kung sino sa tatlong prinsesa ang pinakabata?
 - a. Nanatili sa labi ng prinsesa ang reyna ng mga pukyutan.
 - b. Kinagat ng reynang pukyutan ang pinakabatang prinsesa at siya ay nagising.
 - c. May kutsara ng pulut-pukyutan sa tabi ng pinakabatang prinsesa.
10. Bakit tinulungan ng mga hayop si Cedric sa paggawa ng tatlong pagsubok?
 - a. Dahil nais tulungan ng mga hayop ang tatlong prinsesa na sinumpa.
 - b. Dahil binigyan sila ni Cedric ng inihaw na manok at bayabas.
 - c. Dahil ipinagtanggol sila ni Cedric mula sa kasamaan ng kanyang mga kuya.

Ano ang natutuhan mo sa kuwentong “Ang Tatlong Pagsubok”?